

## **SIPAT SA KUWENTO NG MGA BARANGAY SA BAYAN NG GUBAT**

**Jayzyl M. Espinocilla and MAED/Felisa D. Marbella, PhD**

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon Paaralang Gradwado Lungsod Sorsogon

<http://doi.org/10.35409/IJBMER.2022.3446>

### **Abstrak**

Natiyak sa pag-aaral na ito ang mga pinagbatayang kuwento at pagkakakilanlan ng mga barangay sa bayan ng Gubat. Historikal deskriptib-analisis na disenyo ang ginamit sa pag-aaral na ito. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagtukoy ng mga barangay at random sampling sa pagpili ng kinapanayam. Nagsagawa ng interbyu ang mananaliksik sa ilang matatanda at ilang opisyal ng barangay na may alam tungkol sa pinagmulan ng kanilang barangay. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon.

Ang bawat barangay sa bayan ng Gubat ay may ipinagmamalaki at natatanging pagkakakilanlan. Iba-iba Ang ilan sa pinagkunan ng pangalan ng lugar ay puno at halaman, pangalan ng gusali, kuweba, at kapistahan ng mga santo at santa, mga produktong gawang-kamay gaya ng nito, banig, bakay, at marami pang iba. May implikasyon ang pinagmulang kuwento ng bawat pangalan ng barangay sa edukasyon, komunidad, turismo, at lokal na pamahalaan sa pagmulat ang kamalayan at makuha ang interes ng mga Gubatnon. Magagamit bilang kagamitan sa pagtuturo at sanggunian ng lokal na pamahalaan sa paggawa ng mga programang panturismo. Mapapaunlad at mapapalaganap ang panitikan ng Gubat at makakatulong sa pagpapayaman ng kaalaman ng mga naninirahan sa komunidad. Inirerekomenda na ang mga kuwentong isinalin at ginawang magasin ay maaaring gamitin bilang lunsaran sa pagtuturo sa paaralan. Maaari din itong gawing babasahing lokal na isang epektibong paraan sa pagmulat at pagpapalawak ng kamalayan ng mga mamamayan ng Gubat tungkol sa kanilang kultura at makulay na panitikan. Hinihikayat na gamitin ang katutubong akda bilang lunsaran upang maging higit na kawili-wili at madaling maunawaan ang kuwento. Maaari rin itong magsilbi sanggunian ng lokal na pamahalaan sa pagbuo ng mga programang panturismo at pampanitikan na makatutulong sa pag-unlad ng pamayanan.

**Susing-salita:** sipat, kuwento, pinagmulan, pagkakakilanlan, bayan ng Gubat

### **1. INTRODUCTION**

Ang mundo ay patuloy na nagbabago. Sa kabila nito, hindi natin maiwawaksi ang katotohanang sa daan tungo sa kaunlaran ay marapat lamang na huwag talikuran ang ating pinagmulan, bagkus ay kinakailangan unawain at pahalagahan ito.

Ang kasaysayan ng bawat sibilisasyon ay nauukit sa kani-kanilang panitikan. Sa mga panitikang ito masasalamin natin kung paano nabuo ang mga pamayanan at kanilang kultura, paniniwala, gobyerno, at maging ang kanilang sariling teknolohiya. Sa pag-aaral ng nakaraan ay nagkakaroon tayo ng malinaw at detalyadong paglalarawan ng ating pag-unlad.

Isang magandang halimbawa ang bansang Hapon na sa kasalukuyan ay kilala sa pagkakaroon ng maunlad na teknolohiya ngunit kasabay nito ay nagawa nilang mapanatili ang kanilang sariling kultura. Ayon nga kay Starrs (2002)<sup>1</sup>, nagawang mangibabaw ng impluwensya ng makalumang

---

panahon sa kabila ng maraming pagbabago. Magpasahanggang ngayon ay makikita pa rin ang mayamang kultura sa kanilang panitikan, sining, at maging sa mga makabagong teknolohiya.

Ang Pilipinas ay mayaman din sa iba't ibang panitikan mula sa bawat sulok ng ating arkipelago. Nakalulungkot lamang na marami sa mga kuwento at kasaysayang ito ay hindi nailathala. Ang ilan sa mga ito ay natatago lamang sa isipan ng mga matatanda at naisasalin sa bibig ng bagong henerasyon.

Nakapaloob sa ating Saligang Batas ng 1987 Artikulo XIV, Seksyon 152 na “Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa.”. Samakatuwid isa sa mga gampanin natin bilang mamamayan ay ang pangangalaga sa ating kayamanang kultural kasabay na rito ang pagpapayaman ng ating lokal na kultura, kasaysayan, at panitikan.

Sang-ayon na rin sa Artikulo 14, Seksyon 5 ng ating Saligang Batas 1987, kinakailangang isaalang-alang ang panrehiyon at sektoral na pangangailangan at kondisyon, at lokal sa pagpapalano ng mga programang pang-edukasyon. Isinasaad din sa Seksyon 5 ng Batas Republika Blg. 10533 o Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013, ang kurikulum ay dapat angkop sa lokal na konteksto ng lugar at hinihikayat ang paggawa ng mga lokal na kagamitang pagtuturo upang matugunan ang pangangailangan sa lokalisdong edukasyon.

Isa ang Bikol sa mga rehiyon sa Pilipinas na may mayamang panitikan. Hindi man ganoon karami ang mga nailimbag na akda tungkol sa kasaysayan ng mga lugar sa rehiyong Bikol, nalalaman pa rin ng makabagong henerasyon ang mga istoryang ito sa pamamagitan ng mga kuwentong bayan mula sa matatandang naninirahan sa partikular na lugar na iyon.

Hitik sa mga akdang pampanitikan ang ating rehiyon, isa sa mga probinsya sa rehiyong ito ang Sorsogon kung saan nabibilang ang bayan ng Gubat. Isa itong lugar na may mayamang kultura na sa kasalukuyan ay aktibong pinapaunlad at binibigyang-pansin ng lokal na pamahalaan.

Ang bayan ng Gubat ay isang ikalawang antas na munisipalidad sa lalawigan ng Sorsogon. Umaabot sa 134.51 kuwadrado kilometro ang kabuoang sukat ng bayan ng Gubat. Ayon sa huling sensus noong 2020, mahigit-kumulang 60,294 ang bilang ng naninirahan sa lugar na ito at patuloy na dumarami sa paglipas ng panahon. Bisakol (Bisaya-Bikol) o Gubatnon ang salita ng mga naninirahan sa bayan ng Gubat.

Madalas mapagkamalang “gubat”(forest) ang ibig sabihin ng pangalan ng bayan ng Gubat, ngunit lingid sa kaalaman ng nakararami ang pangalang “Gubat” ay nagmula sa salitang “guinobat” na nangangahulugang “sinalakay” o raided sa Ingles. Diumano’y noong panahong sakop pa ng Bulusan ang bayan ng Gubat ay madalas salakayin ng mga piratang Muslim ang mga Kristiyanong naninirahan sa lugar. Ang lugar na “guinobat” o sinalakay kalaunan ay tinawag na “Gubat”.

Si San Antonio de Padua ang pangunahing patron sa bayan ng Gubat. Ipinagdiriwang ang araw ng pasasalamat sa kaniya sa pamamagitan ng Ginubat Festival tuwing ika-13 ng Hunyo. Binubuo ang bayan ng Gubat ng 42 barangay ito ay ang sumusunod: Barangay Ariman, Bagacay, Balud del Norte, Balud del Sur, Benguet, Bentuco, Beriran, Buenavista, Bulacao, Cabigaan, Cabiguhan, Carriedo, Casili, Cogon, Cota na Daco, Dita, Jupi, Lapinig, Luna-Candol, Manapao, Manook, Naagtan, Nato, Nazareno, Ogao, Paco, Panganiban, Paradijon, Patag, Payawin, Pinontingan, Rizal, San Ignacio, Sangat, Santa Ana, Tabi, Tagaytay, Tigkiw, Tiris, Togawe, Union at Villareal. Ang

---

istorya sa pinagmulan ng mga nabanggit na barangay ang binigyang pokus ng mananaliksik sa paglalayong mapahalagahan at bigyang pagkilala ang mga natatanging kuwento sa likod ng mga ito.

Sa obserbasyon ng mananaliksik bilang isang guro sa ikaapat na baitang napuna na karamihan sa mga bata ay hindi alam ang kuwento nga kanilang barangay. Sa tuwing pag-uusapan ang kuwento sa likod ng pinagmulan ng barangay ang tanging napapagkunan lang ng impormasyon ay mga kuwento ng matatanda. Sa karanasan ng mananaliksik at sa pakikipanayam sa ilang guro sa bayan ng Gubat ay napag-alaman na kulang sa mga babasahing materyal na naglalaman ng kuwento sa pinagmulan ng pangalan ng bawat barangay sa Gubat.

Ginawa ang pag-aaral na ito upang maisakatuparan ang hinihingi ng batas na itaguyod ng kulturang Pilipino at pagpapasigla ng edukasyon sa pamamagitan ng lokal na kagamitan. Kasabay nito, sa pangunguna ng dating gobernador, Francis “Chiz” Escudero, inilunsad ang “Cultural Mapping Orientation” noong ika-17 ng Enero, 2020. Layon nitong mapreserba, mapangalagaan, at itaguyod ang mga pambansang pamana sang-ayon na din sa bisa ng Batas Republika 10066 o ang “Cultural Heritage Act of 20095”. Mahalagang mamulat ang kamalayan ng makabagong henerasyon sa kasaysayan ng kanilang lugar at higit pa nilang maipagmalaki at mabigyang pagpapahalaga ang kagandahan ng kanilang kultura kasabay ng pagsagot sa mga tanong ng kanilang pagkakakilanlan.

## **2.LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Natilyak sa pag-aaral na ito na malaman ang: (1) pinagmulang kuwento at pagkakakilanlan ng mga barangay sa bayan ng Gubat sa lalawigan ng Sorsogon (2) implikasyon sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa pinagmulan ng bawat barangay sa edukasyon, komunidad, turismo, at lokal na pamahalaan.

## **3.PAMAMARAANG GINAMIT**

Ginamit na disenyo sa pag-aaral ay historikal deskriptib-analisis. Purposive sampling ang ginamit sa pagtukoy ng barangay at random sampling naman sa pagpili ng mga kinapanayam na mga kalahok. Isang interbyu iskedyul ang ginamit sa pakikipanayam sa ilang matatanda at mga kawani ng 42 barangay sa Gubat upang makuha ang datos na kinakailangan. Ang mga nalikom na datos ay inanalisa, sinuri, at binigyang interpretasyon.

## **4.MGA NATUKLASAN**

Ang Pinagmulang Kuwento at Pagkakakilanlan ng mga Barangay sa Bayan ng Gubat.

Iba’t iba ang kuwento ng pinagmulan ng pangalan ng bawat barangay sa bayan ng Gubat. Ipinapakita sa ibaba ang mga nakuhang datos sa isinagawang panayam sa mga residente ng bawat barangay.

### **Barangay Ariman**

Dating sitio ng Barangay Bentuco, di naglaon ay naging isang ganap na barangay. Hango ang pangalan nito sa salitang “arin man” o “alin man” sa Tagalog na siyang isinagot nang may magtanong na isang Espanyol kung saan ang daan patungo sa bundok. Dito matatagpuan ang Pahayahayan Resort at Agoho Resort na ilan sa mga kilalang paliguan sa bayan ng Gubat. Isa sa mahalagang parte ng Ariman ang Gubat Civil Cemetery na ikalawang pampublikong sementeryo sa Gubat.

### **Barangay Bagacay**

---

“Tan-awan” o tanawin ang dating pangalan ng lugar. Nagmula naman ang pangalang Bagacay sa kuwento tungkol sa isang lalaki na taga-Calao na magbabayad ng cedula. Nakalimutan nito ang pangalan ng kanilang lugar at ang tanging nasabi lamang ay maraming tanim na isang uri ng kawayan na tinatawag na borobagacay sa kanilang lugar. Sa patron ni Sto. Niño nakilala ang lugar. Nagdaraos sila ng “Pag-omaw Festival” bilang pagbibigay pugay sa santo. Kilala din ang Bagacay bilang pinagmumulan ng mga masasarap na bagong huling isda.

#### **Barangay Balud Del Norte**

Ang salitang “balud” ay nangangahulugang “alon” sa Tagalog. Noong una ay iisang lugar lamang ang Balud subalit sa bisa ng Batas Republika Blg. 3590 ay hinati ito sa dalawa, tinawag na Balud del Norte ang norteng bahagi at Balud del Sur naman ang timog na bahagi. Kilala ang Balud del Norte sa mga mangingisda na siyang pinagkukunan ng mga isdang itinitinda sa pamilihan. Sa Balud del Norte matatagpuan ang parola ng Gubat.

#### **Barangay Balud del Sur**

Ang salitang “balud” ay nangangahulugang “alon” sa Tagalog. Noong una ay iisang lugar lamang ang Balud subalit sa bisa ng Batas Republika Blg. 3590 ay hinati ito sa dalawa, tinawag na Balud del Norte ang norteng bahagi at Balud del Sur naman ang timog na bahagi. Matatagpuan ang Gubat Heritage Center at Eclectic Educational Center. Sa lugar ding ito makikita ang opisina ng SORECO II Gubat.

#### **Barangay Benguet**

Dating tinawag na “Enob-oban” na isang ermita ng Rizal. Nabago lamang ito noong 1908 nang iminungkahi ni Presidente Municipal Clemente Villaroya na igaya ang pangalan ito sa Benguet ng Mountain Province na isa ring talampas. Nakilala ang lugar dahil sa madalas na pagguho ng lupa dito. Ang Adisofia na isang pribadong paliguan ay makikita dito. Mayroon ding bukal na siyang dinarayong ng mga residente sa tuwing araw ng labada.

#### **Barangay Bentuco**

Nalikha ang pangalang Bentuco mula sa puno ng “boro-bentuco”. Sinasabing sagana sa puno ng borobentuco ang lugar noong unang panahon kaya naman ito ang naging inspirasyon sa pagkakabuo ng pangalan ng lugar. Isa na ang Bentuco sa mga lugar na kilala sa mga gawang bag at basket na mula sa abaca. May makikita ding maliit na kuweba at bukal sa Bentuco.

#### **Barangay Beriran**

Dating sakop ng iba’t ibang barangay ang lugar na ito, upang mawala ang kalituhan sa pamumuno ay napagdesisyonang bumuo na lamang ng isang panibagong barangay. Ibinase sa puno ng Beriran na nasa gitna ng barangay ang pangalan nito. Sa lugar na ito matatagpuan ang pinakamalaking sabungan sa bayan ng Gubat. Bahagi din ng Beriran ang daanan papasok sa unang diversion road sa Gubat.

#### **Barangay Buenavista**

Nagmula sa salitang espanyol na nangangahulugang “magandang tanawin” na siyang tinuran ng tatlong espanyol na dumaan sa Malobago (Rizal) patungong Bulusan. Naulinigan ng mga residente nang sinabi ng dayuhan ang mga katagang, ”Muy bien es este lugar-buena vista” (Ang tanawin sa lugar na ito ay napakaganda). Sa pag-uulit-ulit ng salitang ay ito na ang naging pangalan ng lugar. Kilala sa larangan ng surfing. Dito matatagpuan ang Buenavista Surfing Camp at Lola Sayong. Nagsimula na ring makilala ang Lola Sayong sa pagkakaroon nito ng snorkling activity na tinatawag na “Barawang Tour”. Lalo ding nakilala ang Buenavista dahil kay Vea G. Estrellado na

---

pinagmamalaki sa larangan ng surfing. Sa Buenavista din matatagpuan ang bagong kampus ng Bicol University Gubat Campus at ang kilalang Nana's Place na madalas pagdausan ng resepsyon ng kasal.

#### **Barangay Bulacao**

Ayon sa kuwento, isang grupo ng mga mangangaso na pinamumunuan ni Maria Boncala ang namalagi sa lugar. Nang minsang may nakita silang nahulog na bulalakaw habang nababantay sa kanilang pain, hinanap nila ito sa paniniwalang ito ay isang agimat o anting-anting. Isang dayuhan ang nagtanong kung ano ang pangalan ng lugar, sa kadahilang hindi naintindihan ang tanong ay tanging "bulalakaw" lamang ang kanilang naisagot at ito ang inakalang pangalan ng barangay. Ang Bulacao National High School na siyang nag-iisang paaralang sekondarya sa lugar. Kilala rin ang Bulacao sa malawak na mga palayan dito

#### **Barangay Cabigaan**

Ang pangalan ng lugar ay hango sa halamang "Biga" o "alocasia". Isa itong uri ng halaman na kagaya ng gabi na may malalaking dahon. Maraming biga ang likas na tumutubo noon sa lugar ng Cabigaan. Ang "Obo dam" na isang maliit na bukal ang pinagmamalaki ng lugar. Ito ang pangunahing pinagkukunan ng tubig na siyang ipinapamahagi sa sentro ng Gubat.

#### **Barangay Cabiguhan**

Nagmula sa halamang tinatawag na "biga" ang pangalan ng lugar. Ang katagang "Cabiguhan" ay nangangahulugang "maraming biga" sapagkat maraming tumutubong biga sa lugar na ito. Kilala ang Cabiguhan sa mga handicraft na tulad ng basket o bag na tinatawag na "bakay", at sumbrero na gawa sa karagumoy. Sagana din sa mga puno ng niyog ang lugar.

#### **Barangay Carriedo**

Dalawa ang kuwento sa pinagmulan ng lugar, una ay galing umano ito sa pinagsamang apelyido nina Camara, Sarmiento, Buenaobra, Esparas, at Fajardo na siyang nanguna sa pagbuo ng barangay. Ang isang bersyon ay nagmula umano ito sa salitang nakasulat sa ibaba ng imahe ni Sra. Dela Paz de Buenviaje, ang mga katagang ito ay "Carriedo, Quiapo, Manila". Matatagpuan ang ilang bukal sa lugar na tinatawag ding "Obo". Kilala din sa paggawa ng masasarap na kakanin ang mga taga-Carriedo.

#### **Barangay Casili**

Nagmula sa isang uri ng isda na tinatawag na Casili ang pangalan ng lugar. Nabubuhay ito sa sariwang tubig na siyang akma sa lugar na kakikitaan ng mga sapa na hindi natutuyo kahit tuwing tag-init. Kilala ang lugar sa pagkakaroon ng mailap na isdang tinatawag na casili. Gumagawa din sa lugar ng mga handicraft na mula sa nito gaya ng pinggan at mga lalagyanan.

#### **Barangay Cogon**

Nagmula sa halamang cogon o talahib ang pangalan ng lugar. Ito ay isang uri ng damu na tumutubo ng mas mataas pa sa pangkaraniwang tao, dahilan kung bakit ang lugar na ito ang naging taguan ng mga Gubateños na tumakas mula sa mga mananakop na Moro. Kilala ang lugar sa pagkakaroon ng maraming simbahan tulad ng simbahan ni San Agustin, Monasteryo ni Sta. Rita de Cascia, United Church of Christ in the Latter Day Saints, at Iglesia ni Cristo. Dito din matatagpuan ang St. Anthony Academy Saint Louise de Marillac College of Sorsogon Gubat Campus na isa sa mga lumang paaralan sa bayan ng Gubat.

#### **Barangay Cota na Daco**

---

Ang katagang “cota” o “kuta” na ngangahulugang konkreto o gawa sa semento. Ito ang pinagkunan ng pangalan ng lugar sa kadahilang ang muhon o palatandaan ng barangay ay isang malaking konkreto na dating bahagi ng tulay ng Mararag. Ang tulay ng Mararag na siyang nagdurugtong ng daan patungo sa sentro ng Gubat ay bahagi ng Cota na Daco. Kilala din ito dahil sa Gubat Catholic Cemetery na isa sa dalawang pampublikong libingan sa Gubat.

#### **Barangay Dita**

“Caragomoy” ang dating tawag sa lugar na ito dahil sagana sa caragomoy ang lugar. Napalitan ito ng “Dita” na hango sa malaking puno ng Dita na makikita sa sentro ng barangay. Dita – Kilala sa mga handicraft tulad ng pinggan at lalagyan na gawa sa “nito”. Gumagawa din sila ng mga bag na tinatawag na “bakay”. Isa din ang lugar nila sa gumagawa ng “pisi” mula sa balat ng niyog.

#### **Barangay Jupi**

Ito ang tinaguriang pinakamatandang barangay sa bayan ng Gubat. Nagmula sa isang uri ng water lily na tinatawag na “jupi” ang pangalan ng lugar. Jupi - Sa Jupi makikita ang Gaico Coconet na pagawaan ng mga pisi na gawa sa balat ng niyog. Sa Jupi din matatagpuan ang gumagawa ng bag na gawa sa halamang “jupi-jupi”.

#### **Barangay Lapinig**

Galing sa malaking puno ng Lapinig ang pangalan ng lugar. Ang puno ng Lapinig na ito ay siyang muhon ng barangay at nagsisilbing palatandaan noong na narating na ang barangay Lapinig. Kilala sa paggawa ng mga handicraft tulad ng “bakay”. Kilala rin ang lugar dahil sa layo ng lokasyon nito at sa matarik na daan papunta dito.

#### **Barangay Luna-Candol**

Ang Luna-Candol ay dating bahagi ng malalaking kalye sa poblacion. Noong gawin itong barangay ay pinagsama ang ngalan ng Kalye Luna na sakop ng sentro at Sitio Candol ng Barangay Sta. Ana upang mabuo ang Luna-Candol. Matatagpuan dito ang gusali ng Gubat Saint Anthony Cooperative o mas kilala sa tawag na GSAC. Bahagi din ng Luna-Candol ang Pamilihing Bayan ng Gubat, simbahan ni San Antonio de Padua, LCC Expressmart at ang mga sikat na kainan sa Gubat tulad ng Tsokolate Republik, Manda Cafe at marami pang iba. Ang kampana ng San Antonio de Padua Church ay gawa ng sikat na bellmaker na si Hilario Sunico na matalik na kaibigan ni Dr. Jose Rizal at sinasabing siyang inspirasyon sa karakter ni Kapitan Tiago ng Noli Me Tangere.

#### **Barangay Manapao**

Nagmula sa ibong “Lucpao” ang pangalan ng Manapao. Ayon sa kuwento, likas na naninirahan sa lugar ang ibong lucpao at ang minsanang huni nito ay siyang kinatatakutan ng mga tao. Sa pagdami ng tao at pagkonti ng mga puno ay unti-unti na ding nawala ang Ibong Lucpao subalit ang huni nitong “pao pao” ay nanatili sa pangalan ng lugar. Kilala sa pagkakaroon ng maraming tanim na pili na siyang pinagkukunan nila ng dagta at bunga ng pili na ibinibenta sa bayan. Katulad ng ibang barangay sa Gubat sagana din sila sa mga tanim na niyog. Mayroon ding bukal sa lugar na pinaglalabhan ng mga residente.

#### **Barangay Manook**

Si Pedro Manook, ang unang teniente at gobernadorcillo ng Gubat ang pinagkunan ng pangalan ng Barangay Manook. Orihinal itong kabilang sa mahahabang kalye sa sentro ng Gubat subalit sa bisa ng Batas Republika Blg. 3590 ay ginawa itong isang barangay. Dito matatagpuan ang Gubat



---

Distict Hospital. Dati ding matatagpuan dito ang rebulto ni Dr. Jose Rizal bago ito inilipat sa Gubat Municipal Park. Ang rebultong ito ang pinakamataas na bantayog ni Rizal sa buong Bikol.

**Barangay Naagtan**

“Naabotan” ang orihinal na pangalan ng barangay na hango sa kuwento ng magkasintahang naabutang naglalambingan. Kalaunan ay ginawa itong Naagtan sa pagnanais na mas mapaganda sa pandinig ang pangalan. Matatagpuan ang silyaran o quarry sa Gubat na pinagkukunan ng mga buhangin. Ang silyarang ito ay isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng materyal para sa paggawa ng mga gusali.

**Barangay Nato**

Hango sa puno ng “nato” ang pangalan ng lugar. Isa itong uri ng puno na siyang ginamit ng mga residente sa pagbuo ng kanilang kapilya. Ang Nato ay dating sitio ng Barangay San Vicente (Jupi). Ipinagmamalaki ng lugar ang puno ng Nato na makikita sa tapat ng simbahan. Kilala din ito dahil sa ipinagmamalaki nitong monumento ni Dr. Jose Rizal.

**Barangay Nazareno**

“Tagaytay” ang dating pangalan ng lugar subalit nang ipinatupad ang Batas Republika Blg. 3590 ay kinailangan nilang palitan ito sapagkat mayroon na ng barangay sa Gubat na may ganoong pangalan. Napagkasunduan na lamang na ipangalan ito sa kanilang patrong Nazareno. Nakilala ang Nazareno dahil sa sumikat na magandang paliguan dito na tinatawag na Liyang Cave. Dinarayo ang lugar na ito dahil sa maliit na kuweba at bukal na pinalapad at ginawang pampublikong paliguan.

**Barangay Ogao**

Isang dating sitio ng Barangay Tiris ang Ogao. Nang maging barangay ay tinawag itong “Ogao” na hango sa puno ng “Ogao” na sagana sa lugar noong unang panahon. Kilala ang Ogao dahil sa nag-iisang puno ng Ogao na makikita sa loob ng paaralan. Ang punong ito ay espesyal dahil tanging ito na lamang ang natitirang puno ng Ogao sa lugar.

**Barangay Paco**

Mula sa isang uri ng halaman na tinatawag na “pako” o “fern” sa Ingles. Likas ito sa lugar at isa sa mga paboritong ulam ng mga residente. Paco – Dito matatagpuan ang sumisikat na banda sa Gubat na El Ritmo Gubateño. Matatagpuan din sa Paco ang Kulalapnit Cave na dinarayo ng mga kabataan.

**Barangay Panganiban**

“Dancalan” ang dating pangalan ng lugar, kalaunan ay binago ito at ginawang “Panganiban” na pangalan ng isang Bicolanong bayani sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig na si Panganiban. Panganiban – Makikita dito ang Dancalan Beach, Panganiban Boulevard, Tulay sa Tibo at ang mga sikat na kainan tulad nga Mangrove Cafe, Papa Jake’s, at KKB.

**Barangay Paradijon**

Ang pangalang “Paradijon” ay isang lokal na salita na nangangahulugang “tagagawa ng kuron o palayok” sapagkat halos lahat ng bahay ay gumagawa ng kuron, tinawag na “Paradijon” ang lugar. Paradijon – Kilalang gumagawa at nagbebenta ng kuron sa Gubat. Dito din matatagpuan ang Gubat National High School na isa sa pinakamalaking Paaralang Sekondarya sa bayan ng Gubat.

**Barangay Patag**

---

Isang sitio ng Barangay Nato na inihwalay noong Marso 1945. Ang pangalang “Patag” ay hango na din sa patag na lokasyon na lugar na isang talampas. Patag - Kilala sa paggawa ng mga “bakay” at banig na ibinibenta sa bayan. Bantog din ito bilang shortcut papuntang Bacon mula Gubat.

### **Barangay Payawin**

Maraming mga espanyol ang namalagi dito kung kaya naman noong minsang nakakita ang dayuhan ng isang lokal na may takip na malapad na dahon itinanong niya kung saan galing ito. Hindi nakakapagsalita ng kastila ang lalaki kaya naman tanging “Sa Payawan” lang ang kaniyang naisagot. Naglaon ang “payawan” ay naging “payawin” at ang lugar na maraming payaw ay tinawag na “Payawin”. Payawin – Matatagpuan dito ang opisina ng DPWH o Department of Public Works and Highways. Kilala din ang Payawin dahil sa nakapagpapagaling umano na imahe ni San Rafael.

### **Barangay Pinontingan**

Isang lugar na daungan ng mga sasakyang pandagat ang lugar. Ito ang naging dahilan kung bakit tinawag itong “pinontingan” sapagkat ang ibig sabihin ng lokal na salitang ito ay “pondohan” o “pantalan”. Pinontingan - Matatagpuan ang gusali ng pulis, Gubat Municipal Park at Gubat Municipal Hall na siyang sentro ng paggogobyerno sa lugar. Ipinagmamalaki din ang Gubat North Central School, Bicol University Gubat Campus, Monreal Ruins at maging ang Municipal Library. Kilala ang Pinontingan sa lahat nang ito maging sa mga kainan tulad ng Big Brew at Silogbes.

### **Barangay Rizal**

Ang “Malobago” na isang uri ng puno, ang pinagmulan ng dating pangalan ng lugar. Madalas din itong ipakahulugan sa salitang espanyol na “malo vago” na ang ibig sabihin ay “malakas na palo” sapagkat madalas noong may namamalo sa mga dumaraan sa lugar. Kalaunan ay binago ito at ginawang Rizal bilang pagpupugay sa ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal. Rizal – Dinarayo ng mga turista ang Rizal Beach, Duana Beach Resort, at Vera Maris Resort. Nariyan din ang Dampig sa Dagat at Tulay sa Suba na sikat na pasyalan. Ipinagmamalaki din ng lugar ang kanilang mga dekorasyon na gawa sa mga shells at ang kanilang tatlong antigong mga kampana.

### **Barangay San Ignacio**

Pinaniniwalaan na isa ang San Ignacio sa mga unang barangay sa Gubat, nabuo umano ito bago pa man maideklara bilang bayan ang Gubat. Hango sa santo na si San Ignacio de Loyola ang pangalan ng lugar. San Ignacio – Dito makikita ang kampo ng mga sundalo. Nasa bahagi din ng San Ignacio ang kalahating parte ng simbahan ni San Agustin. Kilala din ito sa abandonadong relocation site na paglilipatan sana ng mga naapektuhan ng pagpapalawak ng daanan sa Luna-Candol.

### **Barangay Sangat**

Noong unang panahon, marami umanong matatagpuang unggoy sa lugar at lumalaki sila ng kasinlaki ng isang bata. Kumalat noon ang balita na isang bata ang tinangay at “sinang-at” o sinabit ng unggoy sa taas ng puno. Ang salitang “sang-at” kalaunan ay naging Sangat. Sangat -Kilala ang Sangat sa paggawa ng mga kasangkapan gawa sa nito. Bantog din ito bilang lugar na bihirang puntahan sa kadahilanang tago at matarik ang daan papunta dito.

### **Barangay Sta. Ana**

Isa sa pinakamatandang barangay sa Gubat at ang nanatiling hindi nababago ang pangalan. Ayon sa kuwento, pinamumunuan umano ng isang matandang babaeng nagngangalang Ana ang lugar. Hiniling niya na huwag siyang kalilimutan kaya naman napili niyang ipangalan ang kanilang lugar



---

sa kapangalan niyang santo na si Sta. Ana. Sta. Ana - Dito nagmumula ang ilang pili candy na ibinibenta sa bayan. Kilala din sa paggawa ng salanigo na isang materyal sa paggawa ng mga katutubong gawang tsinelas ang mga kababaihan sa Sta. Ana.

#### **Barangay Tabi**

Ito ay dating sitio ng Barangay Buenavista. Matatagpuan ang barangay Tabi sa gilid ng ilog, ito ang dahilan kung bakit “Tabi” ang pangalan ng lugar. Nagmula ito sa salitang Tagalog na “tabi”. Kilala ang Tabi dahil sa sistematiko nitong Solid Waste Management. Sa katunayan ay ito ang ginagawang halimbawa ng munisipyo sa pagtataguyod ng kalinisan sa buong bayan.

#### **Barangay Tagaytay**

Ang salitang “Tagaytay” ay nangangahulugang “talampas”. Isang talampas ang kanilang lugar kaya naman napagdesisyunang “Tagaytay” ang ipangalan sa lugar. Ipinagmamalaki ang Tagaytay sa paggawa nila ng mga kasangkapan tulad ng pinggan at mga lalagyan mula sa “nito”. Sa buong Gubat tanging sa Tagaytay lamang napanatili ang tradisyon sa paggawa ng handicrafts gamit ang “nito” mula pa sa kanilang kanuno-nunuan hanggang sa kasalukuyang henerasyon.

#### **Barangay Tigkiw**

Isang Amerikano umano ang nagpunta sa lugar at tinanong kung ano ang pangalan nito. Sa pag-aakala ng matandang napagtanungan na ang itinatanong ng dayuhan ay kung ano ang pangalan ng ibong nakadapo sa puno, sinagot niya ito ng “Tique na tamsi” o “Tique ang tawag sa ibong iyan.” Ang pagkakarinig ng Amerikano sa sagot ng matanda ay “Tigkiw” at ito na nga ang ipinangalan sa lugar. Kilala bilang isa sa pinakamalayang lugar sa Gubat. Kilala ito sa mga tanim na pili at niyog. Sumikat din ito dahil sa natagpuang burial site na naglalaman ng mga artepakto mula pa noong 200 BC.

#### **Barangay Tiris**

“Peñafrancia” ang unang pangalan ng lugar bilang pagkilala sa kanilang patron Nuestra Sra. De Peñafrancia. Nabago ito noong kinailangan nilang lumipat ng lugar dahil sa pagbaha at pagguho ng lupa. Binago nila ang pangalan ng lugar at tinawag itong “Tiris” na nangangahulugang “pagguho ng lupa”. Nakilala dahil sa Peñafrancia Festival tuwing Setyembre. Kilala din na pangunahing pinagkukunan ng mga “similya” o maliliit na “kinis” na isang uri ng alimango. Nakilala din ito dahil sa mga kaligay o palamuti na gawa mula sa shell at sa mga itinitindang “pawod” o pawid.

#### **Barangay Togawe**

“Togawe” ang tawag sa isang puno na matatagpuan sa dulo ng ilog Maragadao. Sa tuwing manghuhuli ng “pukot” ang mga mangingisda sa lugar kapag tinatanong kung hanggang saan sila mangingisda ang palagi nilang isinasagot ay “Hanggang sa puno ng togawe.” Dito nagmula ang pangalan ng Barangay Togawe. Kilala bilang isa sa mga malalayong lugar sa Gubat. Nakikilala ang lugar dahil sa sarili nitong liyang o kuweba.

#### **Barangay Union**

Nabuo ang pangalan ng lugar dahil sa pagkakaisa ng mga mamamayan sa pagbuo ng barangay. Dating sitio ng Sta. Ana ang Union subalit napagkasunduan ng mga naninirahan dito na humiwalay. Bilang pagkilala sa pagtutulungan ng mga tao, pinangalanan ang “union” ang lugar na nangangahulugang “pagkakaisa”. Isang liblib na lugar, kilala ang Union sa mga taniman ng palay na makikita sa bawat sulok ng barangay. Kakikitaan ang mga taniman ito ng sistematiko at makabagong paraan ng pagtatanim.

---

### **Barangay Villareal**

Una itong tinawag na “Maragadao” nang isa pa itong sitio ng Malobago (Rizal). Nabago ito noong tuluyan itong naging barangay, ang pangalan ng kanilang Presidente Municipal Clemente Villaroya ang naging inspirasyon, ang Villaroya ay ginawang “Villareal”. Ang matarik na groto kinakailangang akyat in upang marating ang pinagmamalaki ng lugar. Nakasisiya sa pakiramdam kapag narating na ang groto sa tuktok ng hagdanan.

Ipinapakita sa mga nakalap na datos na mayaman at makulay ang kuwento ng pinagmulan ng 42 barangay sa bayan ng Gubat. Karamihan sa mga ito ay nagmula sa pangalan ng puno at mga halamang makikita sa lugar. Ilan sa mga lugar na ito ipinangalan mula sa puno ay ang Bagacay, Bentuco, Beriran, Dita, Lapinig, Nato, Ogao, Payawin, at Togawe. Karamihan sa mga punong ito ay matatagpuan sa sentro ng barangay. Ang pangalan ng mga barangay Cabigaan, Cabiguhan, Jupi, at Paco naman ay nagmula sa mga halamang sagana sa lugar.

Maliban sa mga puno at halaman sagana din sa mga kakaibang hayop ang mga lugar sa Gubat, sa katunayan ang dalawa sa mga barangay dito ay nagmula sa pangalan ng hayop. Ang mga barangay na ito ay ang Casili na mula sa isdang Casili at Manapao sa ibong Lucpao. May ilan ding lugar na hango sa lokasyon ang pangalan, ang Tabi na matatagpuan sa tabi ng ilog, ang Tagaytay at Benguet ay parehong matatagpuan sa isang talampas kaya naman ibinatay nila sa lugar sa Mt. Province na isa ring talampas ang pangalan ng lugar. Ang Patag ay matatagpuan sa patag na lugar. Ang Luna-Candol naman ay nabuo sa pinagsamang kalye ng Luna at sitio Candol.

Ang barangay Manook, Panganiban, Rizal, Villareal, at Carriedo naman ay hango sa mga importanteng tao sa lipunan. Ang Manook, Villareal, at Carriedo ay pareparehong nabuo bilang pagkilala sa mga importanteng tao sa kanilang lugar. Ang Manook ay bilang pagkilala kay Pedro Manook na siyang unang teniente at gobernadorcillo ng Gubat. Ipinangalan din kay Presidente Municipal Clemente Villaroya ay barangay Villareal bilang pasasalamat sa pagbuo nito ng barangay. Sa isang bersyon din sa pinagmulan ng Carriedo, ito umano ay hango sa apelyido nina Camara, Sarmiento, Buenaobra, Estaras, at Fajardo na siyang mga matatandang nanguna sa pagbuo ng barangay. Mula naman sa isang Bikolanong bayani noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig na may pangalang Panganiban ang pangalan ng barangay Panganiban. Si Dr. Jose Rizal naman ang naging inspirasyon sa pangalan ng barangay Rizal.

Mga kakaibang pangyayari din ang isa sa pinagmulan ng ilang barangay sa Gubat. Ang Ariman ay mula sa isang pangyayari kung saan may nagtanong na Espanyol kung saan ang daan patungo sa bundok, “Ariman” ang isinagot ng pinagtanungan na nangangahulugang alin man sa dalawang daan ay patungo sa bundok. Ang Balud del Norte at Balud del Sur ay hango sa malalaking “balud” o alon na makikita sa lugar. Ang Buenavista naman ay mula sa isang pangyayari kung saan narinig ng mga residente ang mga Espanyol na dumaan sa lugar at sinabing “Muy bien es este lugar-buena vista”. Sa pag-uulit-ulit ng mga tao ang salitang “buena vista” ang naging inspirasyon sa pangalan ng lugar.

Ang Naagtan naman ay hango sa magkasintahang naabutan naglalambingan. Ang Sangat ay mula sa kuwento ng batang “sinang-at” o sinabit ng unggoy sa taas ng puno. Ang Tiris ay lokal na salita na nangangahulugang pagguho ng lupa ito ay sa kadahilanang nabuo ang barangay pagkatapos lumipat ng mga residente matapos na gumuho ang lupa sa dati nilang baryo. Ang Bulacao, Tigkiw at Payawin ay parehong nabuo mula sa hindi pagkakaintindihan ng nagtatanong na dayuhan at residenteng hindi nagsasalita ng lengguwahe ng dayuhan. Ang Union naman ay

---

ipinangalan sa barangay bilang pagkilala sa pagkakaisa ng mga residente na mabuo ang kanilang barangay.

May ilang lugar din na hango sa pangalan ng santa at santo ang lugar. Kabilang sa mga lugar na ito ang barangay Nazareno, San Ignacio, at Sta. Ana. May mga barangay din na hango sa pangalan ng bagay na makikita sa lugar katulad ng Pinontingan, Paradijon, at Cota na Daco. Sa barangay Pinontingan naman makikita ang pondohan o pantalan na ginagamit ng mga mangingisda, samantalang ang barangay Paradijon naman makikita ang mga taong gumagawa ng koron o palayok. Ang Paradijon ay lokal na salita na nangangahulugang “tagagawa ng koron” at ang Pinontingan naman ay nangangahulugang “pantalan”. Ang Cota na Daco naman ay hango sa malaking bato na dating bahagi ng tulay ng Mararag.

Nagpapahiwatig ang resulta ng ginawang pag-aaral na mayaman sa mga kuwentong historikal ang bayan ng Gubat. Nalaman din na ang mga kuwentong ito ay mga panitikang na hango sa mga puno, halaman, hayop, lokasyon, tao, patron, pangyayari at bagay na matatagpuan sa lugar. Marapat lamang na sabihin na ang bayan ng Gubat ay nagtataglay ng makulay na panitikan na maipagmamalaki sa lahat.

Ayon nga sa pag-aaral na isinagawa ni Rebutillo (2018)<sup>6</sup> may malaking ambag sa pagbabagong naganap sa kasaysayan ang panitikan. Natuklasan din ni Forteo (2022)<sup>7</sup> sa kaniyang pag-aaral na masasalamang sa mga kuwento ang mga kultura ng bawat barangay. Sa makatuwid ay naging gabay at salamin sa pagbabagong naganap ang mga kuwento at kultura ng mga lugar sa bayan ng Gubat. Makikita na ang bawat isang kuwento ay naglalaman ng mga tao, lugar, puno, halaman, santo/santa, lokasyon, hayop, at bagay na naging mahalagang bahagi ng komunidad.

Makikita rin na may iba’t ibang identidad o pagkakakilanlan ang bawat barangay. May ilan man na may kaunting pagkakapareho katulad ng pagawa ng mga kasangkapan gawa sa “nito”, mahihinuha lamang natin dito na magkakaugnay ang kultura at kaugalian ng ilang barangay.

Sa pag-aaral ni Hicap (2018)<sup>8</sup> nabanggit niya na may iba’t ibang potensyal sa edukasyon, pamumuhay, at turismo ang mga natatanging lugar sa Magallanes. Ang ganitong pahayag ay angkop sa nakalap na datos sa kasalukuyang pag-aaral. Ang mga natatanging bagay, lugar, at tao sa bawat barangay sa Gubat na siyang pagkakakilanlan ng lugar ay malaki ang maiaambag lalo na sa larangan ng turismo.

Implikasyon sa Pagkakaroon ng Sapat na Kaalaman sa Kuwento sa Pinagmulan ng mga Barangay sa Edukasyon, Komunidad, Turismo, at Lokal na Pamahalaan

Ang pagkilala at pagtuklas sa mga kuwento ng bawat lugar ay isang mahalagang tungkulin na dapat gampanan ng mga mamamayan. Sa pag-aaral ng mananaliksik ipinakita na malaki ang kinalaman at kapakinabangan ng kuwento sa pinagmulan ng mga barangay sa sektor ng edukasyon, komunidad, turismo, at lokal na pamahalaan.

Sa larangan ng Edukasyon, malaki ang ambag ng mga nakalap na kuwento sa lalong pagpapahusay at pagpapadali ng proseso sa pagkatuto. Ang mga natatanging kuwento sa Sorsogon ay kakikitaan ng pinagmulan, kasaysayan, at kultura na maaaring gawing teksto sa pagtuturo ng Filipino (Lopera, 2018).<sup>9</sup>

Sabi nga ng isang nakapanayam:

---

“Mayad man na makahimo sun kay minsan бага nagtutukdo kita san about sa hinalian san lugar kaso an problema kulang kita sa reference. Kun diri ka taga doon sa lugar nganga-nganga ka sun.”

Salin: Mabuti na ding makagawa ng babasahing iyan dahil sa tuwing nagtuturo tayo ng tungkol sa pinagmulan ng lugar wala tayong makuhang sanggunian. Kung hindi ka likas na naninirahan sa lugar tiyak na mamumroblema ka.

Ang nabuong babasahin mula sa pag-aaral ng mananaliksik ay makatutulong bilang sanggunian sa pagtuturo ng panitikan at kultura. Sinang-ayunan naman ito ng ilang kalahok:

“Kaipuhan ta talaga sun na mga localized material kay mao бага an point sun na k-12, an macontextualize ang mga lesson angkop sa kun diin nakaistar an bata para madali sira makaaram”

Salin: Kailangan talaga natin ng mga localized materials dahil yan ang isa sa layunin ng k-12, ang gawing contextualized ang mga aralin upang madaling matuto ang mga bata.

Talagang malaki ang pangangailangan sa mga lokalizado at kontekstwalisadong mga babasahin sapagkat napapaloob sa kasalukuyang kurikulum ang pangangailangang ito subalit iilan lamang ang mga napagkukunang sanggunian.

Sa pag-aaral ni Dichoso (2019)<sup>10</sup> natuklasan na ang mga kuwento tungkol sa pinagmulan ng lugar ay magagamit sa pagpapaunlad ng cultural competence ng mga mag-aaral. Makikita na isang mabisang paraan sa pagtuturo ang paggamit ng mga lokalisadong lunsaran.

Ang komunidad ay isang mahalagang bahagi ng ginawang pag-aaral. Sa katunayan, layon ng pananaliksik na mamulat ang mga mamamayan sa kanilang panitikan.

Turan nga ng ilang nakapanayam:

“Yun na mga irug sun na basahon dianisun kunta бага yun kuwaan san ideya ha. Halimbawa ini na mga bukal pwede kunta ini himuon na pasyaran kapareho san hinimo nira sa Liyang.”

Salin: Ang mga ganyang babasahin ay maganda sanang pagkunan ng mga ideya. Halimbawa itong mga bukal (na makikita sa lugar) ay maaaring gawing pasyalan kagaya ng ginawa sa Liyang.

Malaki ang maitutulong ng mga kaalaman tungkol sa pinagmulan ng kanilang barangay sa pagpapalago ng kanilang kultura, panitikan, at maging turismo. Dagdag pa na magagamit ang mga kaalamang ito sa pagtuturo sa bagong henerasyon ng kanilang sariling pinagmulan.

Ang pagkakaroon ng kamalayan sa sariling panitikan ay malaking tulong sa pagbuhay at pagpapaunlad ng turismo sa lugar, ito ay ayon sa ilang nakapanayam ng mananaliksik. Sa pagtuklas ng panitikan ay magagamit ang mga impormasyon nakalap sa pagbuo ng mga gawain, programa, at maging mga negosyo na may kinalaman sa mayamang kultura at panitikan ng lugar. Katulad na lamang ng Barangay Bagacay, nagawa nilang magamit ang istorya ng Santo Niño at bumuo ng kasiyahan o kapistahan na dinarayo ng mga taga-ibang lugar.

Sa pag-aaral ni Rubio(2018)<sup>11</sup> may impak sa paniniwala, pamumuhay, at tradisyon ng mga mamamayan ang iba't ibang akda ng bawat lugar. Sa pagtuklas ng kasaysayan at panitikan ay maaari ding baguhin at paunlarin ang kasalukuyang estado ng lugar partikular na sa larangan ng turismo. Sa katunayan halos lahat ng kapisthan o festival sa Pilipinas ay base sa mga pangyayari sa nakalipas.

Ang kamalayan patungkol sa mga kuwento ng pinagmulan ng lugar ay malaking tulong sa pagpapalano ng mga programang ipapatupad ng lokal na pamahalaan. Ito ang magsisilbing gabay sa mga gagawing hakbang na lalong makabubuti at makatutulong sa pag-unlad ng lugar. May pamanang kultural ang bawat bayan sa probinsya ng Sorsogon.

---

**5.KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Nabuo ang mga sumusunod na konklusyona ng bawat kuwento ng barangay sa bayan ng Gubat ay may makulay na kuwento ng pinagmulan. Ang mga pangalan ng mga barangay sa Gubat ay nagmula sa pangalan ng puno, halaman, hayop, lokasyon ng lugar, tao, patron, pangyayari, at mga bagay na matatagpuan sa lugar. Mayroong iba't ibang natatanging pagkakakilanlan ang bawat barangay. Ang ilan dito ay tao, bagay, lugar, at pangyayari. May naging implikasyon ang mga pinagmulang kuwento sa pagpapaunlad ng edukasyon, komunidad, turismo at lokal na pamahalaan. Inirerekomenda na ng mga kuwentong isinalin at ginawang magasin ay maaring magamit bilang lunsaran sa pagtuturo sa paaralan. Maaari din itong gawing babasahing lokal na isang epektibong paraan sa pagmulat at pagpapalawak ng kamalayan ng mga mamayan ng Gubat sa tungkol sa kanilang kultura at makulay na panitikan. Hinihikayat na gamitin ang katutubong akda bilang lunsaran upang maging higit na kawili-wili at madaling maunawaan ang kuwento. Maaari rin itong magsisilbi sanggunian ng lokal na pamahalaan sa pagbuo ng mga programang panturismo at pampanitikan na makatutulong sa pag-unlad ng pamayanan. Ang lokal na pamahalaan naman ay dapat maghikayat ng mga manunulat na Gubatnon upang madagdagan ang mga lokal na babasahin at lalong mapaunlad ang panitikan ng Gubat. Bigyan ng karagdagang pansin ang mga lugar, bagay, tao, at iba pang natatanging pagkakakilanlan ng lugar upang lalo itong makilala ng nakararami. Hikayatin ang mga mamamayan na tangkilikin at ipagmalaki ang mga natatanging pinagmamalaki ng lugar. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik upang maging sandigan at gabay ng mga susunod na mananaliksik.

**TALASANGGUNIAN**

- (1) Starrs, Roy, Nations Under Siege: Globalization and Nationalism in Asia, Palgrave Macmillian; 21st edition, 2002
- (2) Artikulo XIV, Seksyon 15 ng Konstitusyon ng 1987
- (3) Artikulo XIV, Seksyon 5 ng Konstitusyon ng 1987
- (4) Batas Republika Blg. 10533, Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013
- (5) Batas Republika Blg. 10066, Ang Batas ng Pambansang Pamanang Kultural ng 2009
- (6) Rebustillo, Bebeth H. (2019) Kasaysayan at Kultura ng Bawat Barangay sa Munisipyo ng Bulan; Ambag sa Panitikan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- (7) Forteo, Christine F. (2022), Mga Kuwento at Kultura ng mga Barangay sa Barcelona, Sorsogon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Lungsod ng Sorsogon.
- (8) Hicap, Neufeto B. (2018), Mga Natatanging Lugar sa Bayan ng Magallanes: Panturismong Pagpapakilala, Sorsogon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Lungsod ng Sorsogon.
- (9) Lopera, Aryan B. (2018), Alamat ng mga Bayan ng Sorsogon: Karagdagang Teksto sa Pagtuturo ng Panitikan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- (10) Dichoso, Irish B. (2019), Mga Pinagmulang Kwento ng Bawat Barangay ng Castilla, Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- (11) Rubio, Christian M. (2017-2018), Mga Akdang Pampanitikan sa Bayan ng Donsol, Sorsogo: Isang Pagsusuri. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- (12) Lasala, April Anne D. (2018), Mga Pamana sa Kultura ng Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.